

Mga hamon at estratehiya ng mga mag-aaral sa online na pagkatuto sa asignaturang Filipino: Batayan sa programang interbensyon

Belen, Rheciel B. ✉

National University, Philippines (Rheciel.belen@depedqc.ph)
Carlos L. Albert High School, Philippines

Astorga, Eriberto R., Jr.

De La Salle University, Eulogio Amang Rodriguez Institute of Science and Technology, Philippines
National University, Philippines



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 15 January 2023

Revised: 20 April 2023

Accepted: 5 May 2023

Available Online: 31 May 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.2010

Abstract

The outbreak of the COVID-19 in the country caused a challenging academic year to the academic sector, which leads to the Department of Education to develop an innovative method to deliver quality Education to students amidst facing the difficult situation began during pandemic. The so-called Learning Continuity program of the Education sector includes the New Normal Educational system such as, Remote Learning, Online Learning and Blended Learning. Blended Learning the most used among the three new ways of learning, is using the modern technology thru online learning, in this innovative method, as the main method suitable to the needs of public schools during the pandemic was carried out to make the learning process possible for students. But despite this, the students experienced different challenges in this method. In this study, it emerged from the result that one of the main problems of students is the lack of knowledge of technology, follows the financial or financial needs and their learning environment. However, it is also discussed that having the purpose to finish their studies and studying hard are two of the most common strategies they used to solve their problems. The study also discussed the implications of the results of the study and the appropriate intervention to address the challenges they experienced.

Keywords: blended learning, COVID-19, online learning, intervention, strategies

Mga hamon at estratehiya ng mga mag-aaral sa online na pagkatuto sa asignaturang Filipino: Batayan sa programang interbensyon

1. Panimula

"Ang Edukasyon ay ang pinakamakapangyarihang armas na magagamit mo upang baguhin ang mundo, Mandela, 2003." Isang malalim na mga pahayag mula sa isang South African lider na si Nelson Mandela. Subalit sa nakaraang dalawang taon na ang buong mundo ay hinagupit nang matinding dagok dulot ng pandemya, Edukasyon pa rin ba ang sandata natin sa mundong balot ng hirap at pasakit? O ang Edukasyon ang magkakaroon ng matinding pagbabago?

Ang pagsiklab ng COVID-19 ang hudyat sa pagtigil ng mabilis na pagbabago ng mundo. Walang naiwang pinakamalakas na bansa o sektor man ng lipunan na hindi naging apektado ng pagsubok na idinulot ng pandemya. Hindi maikakailang ang sektor ng Edukasyon ang isa sa hinagupit nang matinding dagok na ito. Kaya't naging tanong nang nakararami, paano maisasalin ang kaalaman sa mga mag-aaral kung ang bawat paaralan na kanilang inaasahan ay sarado ang pintuan at sila ay nakakulong lamang sa apat na sulok ng kanilang tahanan? Paano magpapatuloy ang paglalakbay tungko sa magandang kinabukasan? Halos 75 porsyento ng populasyon ng mga mag-aaral sa mundo ang naapektuhan ng mga pagsasara ng paaralan dulot ng pandemya ng COVID-19 (UNESCO, 2020). Ito ay isang kabuuang kabuuang 1,576,021,818 na mag-aaral mula sa 91.3 porsyento ng kabuuang naka-enroll na mga mag-aaral sa 188 na bansa (Toquero, 2020).

Sa karanasan ng mananaliksik sa halos dalawang taong implementasyon ng *online learning* sa kanilang paaralan, nagkaroon ng kabi-kabilang mga pagsubok na naranasan ang guro sa makabagong pamamaraan ng edukasyon sa bansa. Isa na rito ay ang pagkakaroon ng *unstable* na internet ng kaniyang mga mag-aaral bagamat nagbigay ang pamahalaang Lungsod Quezon ng Tablet at simcard na may *internet load* sa mga mag-aaral ay hindi lahat ng kabatan ay nakapanghiram dahil sa iba't ibang kadahilanan. Bago rin sa mga mag-aaral ang sistemang ito lalo na at ang karamihan sa kanila ay nasanay sa loob ng silid-aralan na nag-aaral at kasama ang kanilang mga kapwa mag-aaral. Hindi rin lahat sa kanila ay madaling nauunawaan ang tinatalakay ng guro lalo na at nagdudulot sa kanila ng pagkabagot ang pakikinig lamang. Isa sa mga naging solusyon ng guro sa pagkakataong ito ay ang pagbibigay ng iba't ibang estratehiyang makatutulong sa interes ng mga mag-aaral at anyayahan sila na makibahagi sa klase sa pamamagitan ng mga laro o "gamification" gamit ang iba't ibang mga online platforms. Sa ganitong paraan, maraming mag-aaral ang nagkaroon ng interes na makinig at sumabay sa talakayan, subalit patuloy pa rin ang naging problema dahil sa kawalan ng internet sa kanilang mga tahanan.

Kaugnay nang mga nasabing pag-aaral, ang mananaliksik ay naglalayong makakalap ng mga karagdagang impormasyon na may kaakibat na resulta kaugnay naging hamon at estratehiya ng mga mag-aaral partikular na sa mataas na paaralan ng Carlos L. Albert ng mga epektibong solusyon sa problemang kinahaharap ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang partikular na sa asignaturang Filipino upang makatutulong ito sa proseso ng pagkatuto at higit na maging epektibo ang pagsasalin ng kaalaman sa kanila at magbunga nang mabuting resulta sa kanilang akademikong performans sa kanilang *online class*. Ang resulta ng kanilang akademikong performans sa nasabing asignatura ang magiging batayan sa pagbuo ng isang epektibong interbensyon upang mas mapalawak pa ang kanilang kaalaman at mapataas ang resulta ng ebalwasyon ng mga mag-aaral.

Nabuo ang pag-aaral na ito upang magbigay ng mungkahi batay sa mga naging hamon at estratehiya ng mga mag-aaral sa *Online* na pagkatuto at ang pagbuo ng isang mabisang interbensyong na gagamitin sa kanilang pag-aaral na may kaakibat na angkop na estratehiya sa pangangailangan ng mga mag-aaral,

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga hamon at estratehiyang ginamit ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Mataas na paaralan ng Carlos L. Albert sa asignaturang Filipino gamit ang *Online* na

pagkatuto.. Ang resultang makakalap ng guro ay gagawing batayan upang bumuo ng mas epektibo at angkop na interbensyon na makatutulong sa mga mag-aaral na mabigyan ng angkop na solusyon sa pang-akademikong problema na kanilang kinahaharap.

- Ano-Ano ang mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa implementasyon ng *online* na pagdulog sa paaralang ng Carlos L. Albert High School sa asignaturang Filipino para sa taong panuruan 2021-2022?
- Ano-Ano ang mga estratehiyang ginamit ng mga mag-aaral upang mabigyan ng solusyon ang mga hamon na kanilang kinaharap sa implementasyon ng *online* na pagdulog sa paaralan?
- Base sa mga naging hamon na naranasan ng mga mag-aaral sa *online* na pagdulog ano-ano ang mga angkop at epektibong interbensyon ang mabubuo at makatutulong sa kanilang pag-aaral *online*?

2. Metodolohiya

Nilalaman ng bahaging ito ang disenyo at paraan ng pananaliksik, ang paraan ng pagkuha ng mga datos at ang pagtalakay sa estadistikang ginamit sa pagsusuri ng mga datos o impormasyon.

2.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isang ginamitang ng *mixed method* o pinagsamang kwalitatibo at kwantatibo. Kwalitatibong pananaliksik upang tukuyin sa pag-aaral ang angkop na interbensyon, at pagtutok sa pagpapabuti ng interbensyon ito sa mga hamong kinahaharap ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto gamit ang *online* na pagdulog, sa asignaturang Filipino. Ang kwantitatibong metodo naman ay ginamit rin sa pag-aaral upang masukat ang naging resulta ng pag-aaral at gawing batayan ang mga datos na nakalap sa pagbuo ng rekomendasyon para sa pag-aaral.

Konteksto at mga Kalahok - Ang sakop ng pag-aaral na ito ay mga piling mag-aaral sa ikapitong baitang Carlos L. Albert High School Sa Taong Pampaaralan 2021-2022 na may kabuuang populasyon na mahigit 1000 mag-aaral. Ang mananaliksik ay magsasagawa lamang ng pag-aaral sa mga piling mag-aaral na may sample size na 184 na mag-aaral na kinatawan ng populasyon ng mga mag-aaral. Samantala, pagdating sa pagtukoy kung sino ang mga respondente gamit ang *random sampling*, Ang mga mag-aaral mula sa ikapitong baitang mula sa nabanggit na pampublikong paaralan dahil na rin sa ang yugtong ito ng kanilang pag-aaral ay tinatawag na *transition period*. Ang mga mag-aaral na ito na nagmula sa iba't ibang paaralan mula sa elementarya at mga mag-aaral na hindi nakapasa sa ikapitong baitang nasabing paaralan ay angkop na mga respondente upang lubos na masukat ng mananaliksik ang kaniyang magiging batayan sa pagbuo ng mga angkop na interbesyong napapanahon at epektibo sa mga uri ng mga mag-aaral na mapapabilang sa pag-aaral.

2.2 Pamamaraan ng Pagkalap ng Datos

Ang tagapagsaliksik ay bubuo ng liham pahintulot na ibibigay sa puno ng Department of Education Division of City Schools of Quezon City, punungguro ng paaralan ng Carlos L. Albert, Head ng Departamento ng Filipino, gurong tagapayo ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang at mga guro sa Filipino sa ikapitong Baitang bago magsagawa ng talatanungan. Ang talatanungan. ay gagawin sa pamamagitan ng *google forms* at ipapasa ang *link* nito sa mga guro sa Filipino sa ikapitong baitang upang kanilang ipasa rin sa kanilang mga mag-aaral. Bago isagawa ang *survey-questionnaire* ay isang liham pahintulot naman ang ibibigay ng guro sa mga magulang ng mga mag-aaral upang humingi ng pahintulot sa kanila.

Sa pakikipanayam naman, isang liham pahintulot din para sa mga magulang ang ibibigay ng mananaliksik sa mga magulang. Ito ay bilang pagtupad sa karapatan ng mga magulang na tumanggi o sumang-ayon sa gagawing panayam. Ito ay isasagawa lamang sa pamamagitan ng aplikasyong *google meet*, bilang pagpapatupad na rin sa *safety protocols* ng paaralan, Magbibigay ang mananaliksik sa mga mag-aaral ng gabay na tanong kung

paano nila sasagutin ang mga katanungan sa panayam. Kinakailangan na malayang makapagpahayag ang mga mag-aaral ng kanilang kasagutan ayon sa pansariling opinyon batay sa kanilang karanasan sa pagtupad ng *online* na pagdulog sa paaralan. Ang pag-aaral din ay gagamit ng *Frequency and percent* batay sa propayl ng mga mag-aaral, *standard deviation at mean*, sa ikapitong baitang na nakalahad sa unang suliranin na isasagawa ng *statistician* gamit ang aplikasyon na *IBM-SPSS version 2023*.

Konsiderasyong Etikal – Sa pag-aaral na isinigawa ng mananaliksik, ang lahat ng kalahok na nasa edad 12-15 taong gulang na mag-aaral ay sinikap niyang bigyan ang kanilang mga magulang at tagapangalaga ng Consent Letter upang maging malinaw na ang lahat ng mahahalagang impormasyon na makakalap sa mga mag-aaral ay mananatiling kompidensyal. Nilalaman ng liham na ito ang malugod na ipinakilala ng mananaliksik ang kaniyang sarili at ang kaniyang layunin sa pag-aaral. Dahil ang mga mag-aaral ay nasa murang gulang, ang kanilang mga magulang at tagapangalaga ay nagbigay ng kanilang lagda, tanda ng kanilang pagpayag na ang mga mag-aaral ay kanilang pinahihintulutang makibahagi sa pag-aaral. Naging malinaw ang komunikasyon ng mananaliksik at ng magulang ukol sa pagsali ng mga mag-aaral sa pag-aaral.

3. Resulta at Diskusyon

1. Ano- ano ang mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa implementasyon ng *online* na pagdulog sa paaralang ng Carlos L. Albert High School sa asignaturang Filipino para sa taong panuruan 2021-2022?

Ang makikita sa bawat talahanayan simula sa Talahanayan 4 ay tumatalakay sa mga naging pangunahing pagsbuok na kinaharap ng mga mag-aaral sa implementasyon ng *online* na pagdulog sa paaralang Carlos L. Albert High School sa asignaturang Filipino para sa taong panuruan 2021-2022?

Talahanayan 1

Weighted mean ng mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral patungkol sa pansariling regulasyon

Mga Pamantayan	Mean	SD	Verbal Interpretation
1. Inaantala ko ang mga gawaing may kinalaman sa aking pag-aaral nang sa gayon ay hindi sila ganap na natapos ng kanilang deadline o kailangang magmadali upang makumpleto.	3.22	1.39	Malala
2. Hindi ako makakuha ng naaangkop na tulong sa mga <i>online</i> na klase	2.61	1.36	Malala
3. Hindi ganun kalalim ang kanilang pag-iisip	2.30	1.34	Malala
4. Limitado ang aking paghahanda	2.74	1.32	Malala
5. Mahina ang aking kasanayan	2.32	1.23	Di gaanong Malala
6. Bigo ako sa wastong paggamit ng <i>online peer learning</i> (ibig sabihin, pag-aaral mula sa isa't isa para mas mapadali ang pag-aaral tulad ng <i>peer tutoring, group discussion, at peer feedback</i>).	2.77	1.48	Malala
Valid n (listwise) /AWM	2.66		Malala

Ipinapakita sa talahayanan bilang 1 ang kinalabasan na *weighted mean* ng ng mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa implementasyon ng *Online Learning* sa asignaturang Filipino patungkol sa pansariling regulasyon. Ang pamantayan bilang 1. “Inaantala ko ang mga gawaing may kinalaman sa aking pag-aaral nang sa gayon ay hindi sila ganap na natapos ng kanilang deadline o kailangang magmadali upang makumpleto” ang lumabas sa resulta na may pinakamatas na *weighted mean* na 3.22 na siyang nanguna na may kahulugang **malala**. Ang pamantayan ito ay nag papahiwatig na ang mga mag-aaral ay may sapat na kasanayan subalit may kahinaan sila sa paggamit ng pamamaraang *online*. Sa kabuuan ang baryabol patungkol sa pansariling regulasyon bilang isa sa mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa implementasyon ng *Online* na pagkatuto sa asignaturang Filipino ay sadyang naging sanhi o problema sa kanilang pag-aaral dahil ayon sa naging kauubang resulta ng ating pagsusuri sa mga datos na nakalap may pakahulugan na **malala** na naging problema sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Mapapatunayan na sa sa talahanayan bilang 1, na ang ng pag-aantala sa kanilang mga gawain, ang mga mag-aaral ay nagpapaliban sa paggawa ng kanilang takdang-aralin ayon sa mga naging pag-aaral na ito

(Broadbent, 2017; Sun, Wu, & Lee, 2017; AlJarrah et al., 2018; Maycock et al., 2018). Ito ay isinasalang-alang na isang *psychological dysfunction* at isang mapaminsalang gawi na naroroon sa kanilang pag-aaral *online*.

Talahanayan 2

Weighted mean ng mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya

Mga Pamantayan	Mean	SD	Interpretasyon
1. Kulang ang aking kakayahan at kasanayan sa paggamit ng iba't ibang interface o sistema na nagpapahintulot sa akin kontrolin ang isang computer o ibang naka-embed na sistema para sa pag-aaral.	2.53	1.27	Malala
2. Pinipigilan ko ang pag-aaral ng teknolohiya	2.17	1.33	Di gaanong malala
3. Hirap ako sa pagiging komplikado ng teknolohiya	2.42	1.22	Di gaanong Malala
4. Hirap akong matuto ng bagong teknolohiya	2.44	1.29	Di gaanong Malala
5. Wala akong kakayahan na epektibong gumamit ng teknolohiya upang mapadali ang pag-aaral.	2.34	1.41	Di gaanong Malala
6. Kulang ako sa kaalaman at pagsasanay sa paggamit ng teknolohiya	2.29	1.21	Di gaanong Malala
7. May takot ako sa mga teknolohiyang ginagamit sa pag-aaral	2.17	1.27	Di gaanong malala
8. Ako ay nalilito kapag nakakakuha ng naaangkop na tulong sa mga online na klase	2.46	1.25	Di gaanong Malala
9. Mahina ang aking pag-unawa sa mga direksyon at inaasahan sa online na pag-aaral	2.45	1.33	Di gaanong Malala
10. Nakikita ko ang teknolohiya bilang isang hadlang sa pagkuha ng tulong teknikal	2.32	1.33	Di gaanong Malala
Valid n (listwise) /AWM	2.34		Di gaanong Malala

Ipinapakita sa talahayanan bilang 2 ang kinalabasan o *weighted mean* ng ng mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa implementasyon ng *Online* na pagkatuto sa asignaturang Filipino patungkol sa kahirapan sa paggamit ng teknolohiya. Ayon sa pagsusuri na isinakatuparan sa mga nakalap na mga datos mula sa mga naging respondente ang baryabol patungkol sa paggamit ng teknolohiya bilang isa sa mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa implementasyon ng *Online Learning* sa asignaturang Filipino ay binigyang pakahulugan na **di gaanong malala** na naging problema sa pag-aaral ng mga mag-aaral, ito ay may general weighted mean na 2.34. Ang pamantayan bilang 1. “Kulang ang aking kakayahan at kasanayan sa paggamit ng iba't ibang *interface* o sistema na nagpapahintulot sa akin kontrolin ang isang computer o ibang naka-embed na sistema para sa pag-aaral.” na may weighted mean of 2.53 na siyang nanguna na may kahuluganag **malala**. Ang sukatan na ito ay naging sang ayon sa nauna ng pamantayan bilang 6 sa talahanayan 1 na may pakahulugan ding na malala. Ang mga pamantayang ito ay naging balakid upang ang mga mag-aaral ay nagakakaroon ng maunlad na pagtanggap sa mga araling ibig ibahagi kanilang tagapagturo o kaya kanilang mga guro.

Ipinakikita sa Talahanayan bilang 2 na bagamat ang mga kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamahala sa sarili at mga teknolohikal na kakayahan ay mahalaga upang epektibong pamahalaan at isakatuparan ang kanilang mga responsibilidad na pang-edukasyon nang hiwalay sa kanilang mga instruktur, at pagpapatupad online teknolohiya (Rasheed et al, 2020) may mga pagkakataon pa rin na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng kahirapann sa paggamit ng iba'tbang *online platform* sa kanilang pag-aaral. Isa sa mga dahilan ito ay nahirapan silang makahabol sa mga gawain *online* dahil hindi nila naunawaan ang paggamit nito, at nakaramdam sila ng takot na gumamit ng teknolohiya dahil sa kanilang edad. Akcayir & Akcayir, (2018).

Ang talahayanan bilang 3 ay ipinapakita ang *weighted mean* ng mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa implementasyon ng *online learning* sa asignaturang Filipino patungkol sa problemang personal ng mga mag-aaral at mga hamon sa pagbubukod ng mga mag- aaral. Sa baryabol na ito ang pamantayan bilang 4. “Hindi ako komportable na maging sentro ng atensyon sa mga *online* na klase” ay mayroong weighted mean of 2.72 na siyang nanguna na may kahulugan **malala**. Ang sukatan na ito ay dahilan upang ang mga mag-aaral ay ng kakaroon ng problema sa kanilang pag-aaral. Sa talahanayang ito ay ipinapakita na sadyang nakababahala sa mga mag-aaral kung sila sa kanilang sarili ay may problemang personal ay hindi magkakaroon ng sapat na atensyon sa kanilang pag-aaral gamit ang *online* na pagkatuto. Sa kabuuan ang baryabol patungkol sa sa problemang personal ng mga mag-aaral at mga hamon sa pagbubukod ng mga mag- aaral bilang isa sa mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa implementasyon ng *Online Learning* sa asignaturang Filipino ay

sadyang naging sanhi o problema sa kanilang pag-aaral dahil ayon sa naging kauubang resulta ng ating pagsusuri sa mga datos na nakalap may pakahulugan na *malala* na naging problema sa pag-aaral ng mga mag-aaral, ito ay may *general weighted mean* na 2.60.

Talahanayan 3

Weighted mean ng mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa problemang personal

Mga Pamantayan	Mean	SD	Interpretasyon
1. Pakiramdam ko ay emosyonal akong nadiskonektao nakahiwalay sa mga online na klase	2.58	1.37	Malala
2. Pakiramdam ko ay wala akong interes sa <i>online</i> na klase.	2.42	1.36	Di gaanong Malala
3. Hindi ako mapakali at hindi komportable sa paggamit ng video projection, mikropono, at speaker	2.68	1.41	Malala
4. Hindi ako komportable na maging sentro ng atensyon sa mga <i>online</i> na klase	2.72	1.37	Malala
Valid N (listwise)	2.60		Malala

Isa sa mga implikasyong inilalarawan sa talanahayan bilang 3 ay ang pag-aaral tungkol sa 'mga hamon sa paglayo ng mga mag-aaral o tinatawag na *isolation*' ay kinabibilangan ng pagdurusa ng mga mag-aaral mula sa emosyonal na kakulangan sa ginhawa dahil sa pag-iisa at kalungkutan (Lightner & Lightner- Laws, 2016; Chyr et al., 2017). Nakaramdam ng kalungkutan ang mga mag-aaral sa pagkakaroon ng hindi sapat na kagamitan sa *online* kung kaya't inihihwalay nila ang kanilang mga sarili sa iba ayon kay Rasheed (2020). Maaari itong magresulta sa mga hamon sa mga aktibidad ng paghahanda at mga takdang-aralin. Mga mag-aaral nakaramdam ng pagkabalisa kapag sila ang sentro ng atensyon sa mga *online* na talakayan, sa tuwing sila ay gagamit ng mga *video conference* o paggamit ng mga mikropono (Bower, 2015; Szeto & Cheng, 2016) sapagkat hindi buo ang kanilang tiwala sa sarili sa paggamit ng mga ito.

Talahanayan 4

Weighted mean ng mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa suliranin sa internet connection

Mga Pamantayan	Mean	SD	Interpretasyon
1. Hindi sapat ang aking access sa pag-aaral ng teknolohiya at atensyon sa mga online na klase	2.49	1.35	Di gaanong malala
2. Nakakaranas ako ng mga hindi pagkakapantay-pantay patungkol sa pag-access sa at paggamit ng mga teknolohiya habang online mga klase dahil sa aking Pisikal, sosyo-ekonomiko at sikolohikal na kalagayan.	2.63	1.30	Malala
3. Mayroon akong hindi nauunawaan sa mga napapanahong teknolohiya.	2.59	1.20	Malala
4. Wala akong internet access sa online classes.	2.25	1.40	Di gaanong malala
5. Mababa ang akong bandwidth at mabagal na bilis ng pagproseso.	2.31	1.17	Di gaanong malala
6. Nakakaranas ako ng mga teknikal na problema sa pagkumpleto ng aking mga takdang-aralin.	2.91	1.39	Malala
Valid N (listwise)	2.53		Malala

Batay sa talahanayan bilang 4 ay ipinapakita rito ang resulta ng mga Pagsubok na Kinaharap ng mga Mag aaral sa Implementasyon ng *Online Learning* sa Asignaturang Filipino Patungkol sa Suliranin sa *Internet Connection* na pamantayan bilang 6, "Nakakaranas ako ng mga teknikal na problema sa pagkumpleto ng aking mga takdang aralin" na may weighted mean na 2.91 na naging panguanhing suliranin ng mga mag-aaral at nailarawan bilang malalang suliranin. Ang sukatan na ito ay dahilan upang ang mga mag aaral ay nagkaroon ng problema sa kanilang pag-aaral. Sa kabuuan ang baryabol patungkol sa pansariling regulasyon bilang isa sa mga pagsubok na kinahaharap ng mga mag aaral sa implementasyon ng *Online Learning* sa asignaturang Filipino ay sadyang naging sanhi o naging problema sa kanilang pag-aaral dahil ayon sa naging kabuuang resulta ng pagsusuring ito ng mga datos na nakalap ay may pakahulugang malala na naging problema sa pag-aaral ng mga mag-aaral at ito ay may general weighted mean na 2.53.

Gaya ng pag-aaral na ibinahagi sa Talahanayan 4, nahahirapan ang mga mag-sa kanilang mga gawain sa mga *online* na talakayan sapagkat hindi buo ang kanilang tiwala sa sarili sa paggamit ng mga ito. ng mga *video*

conference o paggamit ng mga mikropono (Bower, 2015; Szeto & Cheng, 2016).

Talahanayan 5

Weighted mean ng mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa pagiging kumplikado ng teknolohiya

Mga Pamantayan	Mean	SD	Interpretasyon
1. Naaabala ako sa pagiging kumplikado ng teknolohiya sa mga online na klase.	2.58	1.33	Malala
2. Hirap at komplikado ang aking nararanasan sa paggamit ng teknolohiya	2.63	1.38	Malala
3. Nakakaranas ako ng mga paghihirap kapag gumagamit ako ng mas mahabang mga video para sa pag-aaral.	2.77	1.34	Malala
Valid N (listwise)	2.67		Malala

Sa talahanayan bilang 5 ipinapakita rito na ang weighted mean ng mga Pagsubok na Kinaharap ng mga Mag aaral sa Implementasyon ng *Online Learning* sa Asignaturang Filipino Patungkol sa Pinagkukunang Impormasyon. Ang pamantayan bilang 4, “Nakakaranas ako ng mga hamon sa pananalapi kapag nag aaccess ng mga mapagkukunan ng pag-aaral at teknolohiya” na may weighted mean na 2.71 na syang nanguna ay may kahulugang malala. Ang sukatan na ito ay dahilan upang ang mga mag aaral ay hindi maka access ng kanilang mga aralin. Sa naging kinalabasan ng resulta sa Talahanayan 3,4 at 5 nagkaroon nang matibay na implikasyon ag resultang ito sa pag-aaral kaugnay sa kahirapan ng mga mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya sa kanilang pag-aaral sa online o sa *Online Learning* (Bower, 2015; Szeto & Cheng, 2016).

Ang problema at komplikasyon sa paggamit ng teknolohiya ay kinabibilangan ng pagharap sa sapat o kumplikadong mga online na teknolohiya at mga hamon sa serbisyo para sa kanilang pag-aaral. Lubos din nahihirapan ang mga mag-aaral na walang *access* sa *internet connection* at walang karanasan sa paggamit ng teknolohiya. (Bayyat et.al 2021). Nadama ng mga mag-aaral na mahirap para sa kanila na makakuha ng pagkakataon na makagamit nang maayos na piangmumulan ng teknolohiya, at hindi lahat ay pantay-pantay ang kanilang pribiliheyo pagdating sa aspetong ito (Chen et al., 2015; Akcayir & Akcayir, 2018). Gayundin, ang mga mag-aaral nagkaroon ng problemang teknikal sa kanilang pagsasagawa ng kanilang mga gawain o takdang-aralin sa *elektronikong paraan*. Ang suliraning ito ay nagdudulot na maiantala ang kanilang gawain at mailaan na lamang ang oras sa pagtuklas sa gamit ng teknolohiya kaysa sa pagpokus sa kanilang mga gawaing pampaaralan. (Safford & Stinton, 2016; Prasad et al., 2018).

Talahanayan 6

Weighted mean ng mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa problema sa pinagkukunang impormasyon

Mga Pamantayan	Mean	SD	Interpretasyon
1. Hindi sapat na access sa mga mapagkukunan ng aklatan	2.39	1.28	Di gaanong malala
2. Hindi sapat na access sa mga kagamitan at materyales sa laboratoryo	2.49	1.38	Di gaanong malala
3. Limitado ang aking access sa mga aklat-aralin, worksheet, at iba pang materyales sa pagtuturo.	2.47	1.28	Di gaanong malala
4. Nakakaranas ako ng mga hamon sa pananalapi sa pambili ng <i>gadget</i> at sa <i>cellphone load</i> na aking gagamitin sa <i>Online Learning</i> .	2.71	1.41	Malala
Valid N (listwise)	2.52		Malala

Batay sa talahanayan bilang 6, ipinapakita rito ang resulta ng mga Pagsubok na Kinaharap ng mga Mag aaral sa Implementasyon ng *Online Learning* sa Asignaturang Filipino Patungkol sa Patungkol sa Problema sa Pinagkukunang Impormasyon na pamantayan bilang 8, “Nakakaranas ako ng mga hamon sa pananalapi kapag nag-a-access ng mga mapagkukunan ng pag- aaral at teknolohiya.” na may weighted mean na 2.71 na syang nanguna ay may kahulugang malala. Ang sukatan na ito ay isang dahilan upang manguna ito bilang isa sa mga pangunahing problema ng mga mag-aaral sa *Online Learning*. Nangangahulugan ito dahil ang mga mag-aaral ay nasa kanilang tahanan, hindi gaanong naging problema ng mga mag-aaral ang pangangalap nila ng mga pinagkukunang impormasyon sa aklata. Sa kabuuan ang baryabol patungkol sa Problema sa Pinagkukunang Impormasyon bilang isa sa mga pagsubok na kinaharap ng mga mag aaral sa implementasyon ng *online* na

pagdulog sa asignaturang Filipino ay sadyang naging sanhi o naging problema sa kanilang pag-aaral dahil ayon sa naging kabuuang resulta ng pagsusuring ito ng mga datos na nakalap ay may pakahulugang malala na naging problema sa pag-aaral ng mga mag-aaral at ito ay may general weighted mean na 2.52.

Kung susuriin ang implikasyon ng talahanayan 6, ang problema sa pnanalapi ay higit na nakaaapekto sa mga mag-aaral sa panahoon ng pandemya. Ang kakulangan ng *source* sa *Internet connection*, at mga mapagkukunan *resources* sa online na pag-aaral. Ito ang dahilan kung bakit naitala ng kapaligiran sa pag-aaral at mga mapagkukunan ng pag-aaral ang pinakamataas na antas ng mga hamon ayon sa naging pag-aaral rin nina (Barrot et.al, 2021.) Ang *socio economic profile* ng mga mag-aaral (i.e., low and middle-income group) ay may parehong dahilan kung bakit madalas na lumalabas ang mga problema sa pananalapi mula sa kanilang mga tugon. Ang mga estudyanteng ito madalas na iniuugnay ang kakulangan ng mga mapagkukunang pinansyal sa kanilang pag-*access* sa *Internet*, mga materyal na pang-edukasyon, at kagamitan na kinakailangan para sa online na pag-aaral. Samakatuwid, nagkaroon ng katibayan ang talahanayan 10 sa naging mga mag-aaral na may kaugnayan ang pinansyal na pangangailangan sa suliranin ng mga mag-aaral.

Serbisyo sa Internet, at mga mapagkukunan sa online na pag-aaral. Ito ang dahilan kung bakit naitala ng kapaligiran sa pag-aaral at mga mapagkukunan ng pag-aaral ang pinakamataas na antas ng mga hamon. Ang *socio economic profile* ng mga mag-aaral (i.e., low and middle-income group) ay pareho dahilan kung bakit madalas na lumalabas ang mga problema sa pananalapi mula sa kanilang mga tugon. Ang mga estudyanteng ito madalas na iniuugnay ang kakulangan ng mga mapagkukunang pinansyal sa kanilang pag-*access* sa *Internet*, mga materyal na pang-edukasyon, at kagamitan na kinakailangan para sa *online* na pag-aaral. Sa lahat ng iba't ibang hamon sa *online* na pagdulog, higit na naranasan ng mga mag-aaral ang problema sa pananalapi, Barrot et.al, 2021.

Talahanayan 7

Weighted mean ng mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa suliranin sa paligid at komunidad

Mga Pamantayan	N	Mean	SD	Interpretasyon
1. Nakakaranas ako ng mga online distractions tulad ng social media sa mga online classes	184	3.01	1.32	Malala
2. Nakakaranas ako ng mga <i>distractions</i> sa bahay kung saan ako nag-aaral.	184	3.06	1.27	Malala
3. Nahihirapan akong pumili ng pinakamahusay na oras at lugar para sa pag-aaral sa bahay	184	2.84	1.31	Malala
4. Nililimitahan ng <i>home set-up</i> ang pagkumpleto ng ilang mga kinakailangan para sa aking paksa (hal., laboratoryo at pisikal na aktibidad).	184	2.76	1.26	Malala
Valid N (listwise)	184	2.92		Malala

Batay sa talahanayan bilang 7, ipinapakita rito ang resulta ng mga Pagsubok na Kinaharap ng mga Mag aaral sa Implementasyon ng *Online Learning* sa Asignaturang Filipino Patungkol sa Suliranin sa Paligid at Komunidad na pamantayan bilang 9, “Nakakaranas ako ng mga *distractions* sa bahay bilang isang *learning environment*.” aytem bilang 2, na may *weighted mean* na 3.06 na siyang nanguna ay may kahulugang malala. Ang sukatan na ito ay isang dahilan upang manguna ito bilang isa sa mga pangunahing problema ng mga mag-aaral sa *Online Learning*.

Inilalarawan sa Talahanayan 7 na ang kapaligiran ng pag-aaral ay ang pinakamalaking hamon o suliranin ng mag-aaral na humahadlang sa pagkatuto ng mga mag-aaral, partikular na ang mga distraksyon sa bahay (hal., ingay) at mga limitasyon sa espasyo at pasilidad ng pag-aaral. Iminumungkahi ng pag-aaral na ito na ang mga hamon sa *online* na pag-aaral sa panahon ng pandemya ay iba-iba sa mga karaniwang hamon na nararanasan ng mga mag-aaral karanasan sa isang *pre-pandemic online learning environment*. Ang isang posibleng paliwanag para sa resultang ito ay ang paghihigpit sa kadaliang kumilos ay maaaring nagpalala sa hamong ito dahil hindi sila maaaring pumunta sa paaralan o iba pang mga lugar ng pag-aaral na lampas sa paligid ng kani-kanilang mga bahay (Barrot et.al, 2021).

Sa Kwalitatibong analisis ng pag-aaral na ito buhat sa naging panayam, ang mananaliksik ay gumamit ng mga gabay na katanungan sa mga mag-aaral mula sa mga naging suliranin nila sa implementasyon ng *Online Learning* sa kanilang pag-aaral. Hinati ito sa iba't ibang bahagi lalo't higit sa mga naging personal na karanasan ng mga mag-aaral; Karanasan ng mga mag-aaral sa Pansariling Suliranin, Suliranin sa Kaalaman sa Makabagong Teknolohiya, Suliranin sa Kapaligiran o *Learning environment* at Suliraning pinansyal.

Talahanayan 8

Karanasan ng mga mag-aaral sa Pansariling Suliranin sa implementasyon ng online na pagdulog

Tema Kalahok Pahayag	
Pansariling Suliranin	Kalahok 1 “Inaantala ko ang aking mga gawain dahil minsan natatamad po akong gawin ang aking mga <i>online activities</i> dahil din po sa mga distractions sa paligid, tulad po ng <i>social media</i> at mga laro.” Kalahok 5 “Tinatatamad po akong gawin yung mga gawain sa <i>online</i> kasi po nasa bahay lang ako, mas gusto ko pang mag- <i>cellphone</i> kaysa gumawa.”

Sa edad ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang at sa kanilang transisyon mula sa elementarya, isa sa pangunahing naging suliranin nila ay ang *Procrastination* at destruksyon lalo na sa kanilang kapaligiran. Sa panahon ng pandemic, nanatili lamang sila sa kanilang tahanan kaya naman naging malala ang kanilang katamaran. Sa online na pamamaraan ng pag-aaral ang mga mag-aaral ay may posibilidad na magpaliban ng kanilang mga gawain lalo na at wala silang gaanong nakakasalamuha (Leh, 2002). Hindi nila nakikita ang kanilang mga guro kung kaya't malaya nilang nagagawa ang mga nais nilang gawain. Maraming mga ebidensya na maraming mga mag-aaral ang hindi nakakakumpleto ng mga online na kurso dahil kulang sila sa disiplina o ang motibasyon upang tapusin ang kanilang pag-aaral. (Olewe, 2014).

Pinatutunayan ng panayam na ito na kinakailangang maging responsable ang mga mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya lalo't higit isinasagawa ito sa pamamagitan ng *online* at hindi kaharap nang tuwiran ang kanilang mga guro. (Rasheed et al, 2020).

Talahanayan 9

Karanasan sa suliranin sa kaalaman sa makabagong teknolohiya

Tema Kalahok Pahayag	
Suliranin sa Kaalaman sa Makabagong Teknolohiya	Kalahok 9 “Dati po kasi ma’am module po gamit namin sa elementary, kaya po hindi ko po alam paano po gamitin yung mga <i>online apps</i> noong una maliban na lang po kapag tinuturo ninyo po sa amin, doon ko lang po siya malalaman kung paano gamitin.” Kalahok 11 “Wala po sa bahay naming marunong po sa mga apps po kaya wala po akong nahihingian ng tulong minsan kaya di po ako nakakagawa.”

Mailalarawan sa bahaging ito ng panayam na ang kakulangan sa kaalaman sa teknolohiya ay nagbubunsod rin ng kawalang gana ng mga mag-aaral na makapagtapos ng kanilang gawain gayundin ang makilahok sa mga talakayan *online*. Hindi sapat ang kanilang kaalaman kaya naman hindi sila nakagagawa ng kanilang mga gawain. Pinatunayan ito ng pag-aaral na malaki ang epekto ng sa epekto ng *technological illiteracy* ng mga mag-aaral sa pagka-antala ng pakikipag-ugnayan kasama ang kanilang mga tagapagturo at mga kapantay, na humahantong sa tiyak na pagpapaliban at mga pag-urong sa kanilang pagganap. na lalo't higit kinakailangang maunawaan na ang kakayahan sa paggamit ng teknolohiya ay may malaking bahagi sa kanilang pag-aaral *online* Zacharis (2015).

Gayundin, ang mga mag-aaral ay nakararanas ng kumplikasyon sa paggamit ng teknolohiya lalo na sa aspektong teknikal, Nagdudulot ito ng kahirapan sa kanila kapag ginagawa ang kanilang takdang-aralin sa elektronikong paraan at nakakaramdam ng pagkagambala, ang kanilang oras at pagtuon ay gugugol sa pag-aaral kung paano gamitin bagong teknolohiya sa halip na gawin ang kanilang takdang-aralin (Safford & Stinton, 2016; Prasad et al., 2018).

Talahanayan 10

Karanasan sa Suliranin sa Kapaligiran o Learning environment

Tema Kalahok Pahayag

Karanasan sa Suliranin sa Kapaligiran o Learning environment	<p>Kalahok 13 “Nahirapan po ako “ma’am mag-aral kasi po masikip po ang bahay namin kaya wala po akong pwesto na makakapag-atal po ako.”</p> <p>Kalahok 14 “Maingay po ma’am sa amin, naririnig po kapag <i>online class</i> yung mga ingay ng <i>baby</i> kong kapatid kapag umiiyak po siya, saka yung kapitbahay po namin. Hirap ma’am magfocus kaya kapag tinawag ako ma’am magrecite di po ako nag-oopen.”</p>
--	--

Ang Suliranin sa Kapaligiran o *Learning environment* ay isa sa ang pinakamalaking hamon na kailangang hadlangan ng mga mag-aaral, partikular na ang mga distraksyon sa bahay (hal., ingay) at mga limitasyon sa espasyo at pasilidad ng pag-aaral. Iminumungkahi ng pag-aaral na ito ang mga hamon sa *online* na pag-aaral sa panahon ng pandemya ay iba-iba sa mga karaniwang hamon na nararanasan ng mga mag-aaral. Ang kanilang naging karanasan sa isang *pre-pandemic online learning environment*. Ang isang posibleng paliwanag para sa resultang ito ay ang paghihigpit sa kadaliang kumilos ay maaaring nagpalala sa hamong ito dahil hindi sila maaaring pumunta sa paaralan o iba pang mga lugar upang sila ay makapag-aral. (Barrot et.al, 2021).

Talahanayan 11

Karanasan sa suliraning pinansyal

Tema Kalahok Pahayag

Karanasan sa suliraning pinansyal	<p>Kalahok 8 “Wala po akong load kaya di po ako nakakapagjoin sa klase minsan, kasi po yung load ng tablet wala po eh. Nagtitinda lang po kasi ma’am yung nanay ko kaya wala po akong pangload.”</p> <p>Kalahok 5 “Nanghihiram lang po ako ng <i>cellphone</i> sa ate ko kasi wala po kaming pambili. Isa lang po ginagamit naming <i>gadget</i>, kaya minsan di na po ako umattend sa <i>meet</i>, kasi minsan po may klase rin po siya.”</p>
-----------------------------------	--

Sa tindi ng pagkakaroon ng pandemya dulot ng COVID-19, naging malaking epekto nito ang pagkawala ng trabaho ng ilang Pilipino na nagdulot rin ng pagbagsak ng ekonomiya ng bansa dahil maraming kompanya at trabaho ang nawala. Dulot nito, maraming mga magulang ng mga mag-aaral ang nawalan ng trabaho sa panahong kinakailangan ng mga mag-aaral ang pinansyal na pangangailangan. Ang kakulangan sa pananalapi ay isa sa mga naging mabigat na problema ng mga mag-aaral dahil hindi wala silang gagamiting *gadget* upang matugunan ang kanilang pag-aaral. Hindi rin naging sapat ang suporta ng lokal na pamahalaan dahil hindi laging may *load* ang pahiram nilang *tablet*.

2. Ano-ano ang mga estratehiyang ginamit ng mga mag-aaral upang mabigyan ng solusyon ang hamong kanilang kinaharap sa implementasyon ng *online* na pagdulog sa paaralan?

Sa masusing pagsisiyasat ng mananaliksik sa mga estratehiyang ginamit ng mga mag-aaral bilang solusyon sa kanilang mga suliranin tinalakay ito sa Talahanayan Bilang 11.

Talahanayan 12

Weighted mean ng mga estratehiyang ginamit ng mga mag-aaral upang masolusyon sa pagsubok

Mga Stratehiyang Ginagamit ng mga mag-aaral	Mean	Std. Deviation	Verbal Interpretation
1. Pakikibagay sa Online Learning na paraan	3.17	1.31	Katamtaman
2. Pag-aaral nang Mabuti	3.94	1.41	Mataas
3. Konsentrasyon at Pagpopokus	3.76	1.26	Mataas
4. Paggawa ng layunin na makatapos	3.97	1.36	Mataas
5. Paghingi ng tulong sa iba	3.29	1.21	Katamtaman
6. Pag-aayos ng learning environment	3.57	1.31	Mataas
7. Motibasyon o pagmomotivate sa sarili	3.66	1.39	Mataas
8. Pagkakaroon nang mabuting pag-asa	3.81	1.38	Mataas

Mga hamon at estratehiya ng mga mag-aaral sa online na pagkatuto sa asignaturang Filipino

9. Pakikipagtulungan sa mga mag-aaral	3.76	1.34	Mataas
10. Paghingi ng suporta sa ibang tao	3.48	1.26	Katamtaman
11. Repleksyon	3.38	1.28	Mataas
12. Pagrerelasyon at paglilibang	3.32	1.24	Katamtaman
13. Pamamahala at paggamit ng mapakukunang mga learning resources	3.32	1.28	Katamtaman
14. Pananalig sa sarili	3.77	1.28	Mataas
15. Disiplina sa sarili	3.86	1.31	Mataas
16. Self-study	3.66	1.32	Mataas
17. Pagsasanay sa mga gamit sa teknolohiya	3.59	1.26	Mataas
18. Pag-iisip nang mga bagong estratehiya sa pagkatuto	3.67	1.23	Mataas
19. Pag-iisip nang Mabuti	3.90	1.32	Mataas
20. Time-management	3.65	1.25	Mataas
Valid N (listwise)	3.63		

Batay sa talahanayan 12, patungkol sa estratehiyang ginamit ng mga mag-aaral upang masolusyunan ang mga naging pagsubok na kanilang naranasan sa implementasyon ng *Online Learning*, lumabas sa resulta nito na ang pinakapektibong estratehiyang ginagamit ng mga mag-aaral ay ang paggawa ng layunin upang makapagtapos. Nagtala ito nang pinakamataas na weighted mean na 3.97. Nangangahulugan ito na ang mga mag-aaral ay nagsisikap upang sila ay makapagtapos sa kanilang pag-aaral. Sinundan ito ng pag-aaral nang mabuti na may weighted mean na 3.94, malinaw na mabisang estratehiya ito upang mapagtagumpayan nila ang *Online Learning*. Sumunod dito ang pag-iisip nang mabuti na 3.90, disiplina sa sarili, 3.86 pagkakaroon ng pag-asa, 3.81, pananalig sa sarili, 3.77, konsentrasyon at pagpopokus 3.75. Sa kabuuan, may 3.63 na naitala na *weighted mean* ang estratehiyang ginamit ng mga mag-aaral upang mapagtagumpayan nila ang *Online Learning*.

3. Base sa mga naging hamon na naranasan ng mga mag-aaral sa *Online Learning*, ano-ano ang mga angkop at epektibong interbensyon ang mabubuo at makatutulong sa kanilang pag-aaral?

Sa mga naging resulta ng pag-aaral, ang mananaliksik ay nakabuo ng isang planong interbensyon upang maging tugon sa mga hamon ng mga mag-aaral. Ipinakikita sa Talahanayan bilang 11 ang interbensyong nabuo para sa mga nakalapat na resulta ng pag-aaral.

Talahanayan 13

Interbensyon sa Filipino 7

Mga pangunahing hamong kinahaharap ng mga mag-aaral sa Online Learning	Layunin	Estratehiya at mga gawain	Takdang Oras	Mga taong kasangkot	Inaasahang Bunga	Budget
1. Problema ng Teknikal (paggamit ng mga online applications)	Nalililang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga online applications	<i>Tutorial session (online)</i> ang maglalaan ang guro sa Filipino ng 2-3 beses na pagtuturo ng mga online applications sa mga mag-aaral tulad ng google classroom, Quizziz, Kahot at iba pa upang mahasa ang mga mag-aaral sa paggamit nito.	Disyembre 2022-Enero 2023	Guro Mag-aaral Administrador ng paaralan magulang	Mga mag-aaral na may sapat na kaalaman sa paggamit ng <i>online applications</i>	Donasyon sa mga alumni, magulang o mga taong bahagi ng komunidad
2. Suliranin sa pananalapi (<i>pagbili ng gadgets o load sa gadget</i>)	Nabibigyan ng suportang pinansyal ang mga mag-aaral sa kanilang mga pangangailangan	Tulong Dunong- Adapta Student Hahanap ang guro ng mga alumni o mga magulang/ kakilala ng mga guro/empleyado ng paaralan na maaaring maghatid ng tulong pinansyal sa mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong pinansyal.	Disyembre 2022-Enero 2023	Guro Mag-aaral Administrador ng paaralan Magulang	Pinansyal na tulong para sa mga mag-aaral	

3. Kawalan ng interes/atensyon sa pag-aaral	Nahuhubog ang kakanyahan ng mga mag-aaral sa <i>online educational platforms</i>	<i>FilGamified</i> Paggamit ng <i>online games</i> sa mga educational platform sa pagtuturo sa pamamagitan ng mga <i>online applications</i> or teacher powepoint/google slide made educational material.	Disyembre 2022-Enero 2023	Guro Mag-aaral Administrador ng paaralan Magulang	<i>Online game activities</i> na may kaugnayan sa aralin sa Filipino 7	Donasyon sa mga alumni, magulang o mga taong bahagi ng komunidad
4. Distraksyon sa tahanan	Nabibigyan ng solusyon ang suliranin sa paligid ng mga mag-aaral.	<i>CALOY HUB</i> Ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng pagkakataon na magkaroon ng <i>Online Learning synchronous class</i> sa loob ng paaralan. Ang computer lab ng paaralan ay bubuksan para sa mga mag-aaral na higit na nangangailangan ng oras lalo sa paggamit ng computer.	Disyembre 2022-Enero 2023	Guro Mag-aaral Administrador ng paaralan Magulang	<i>CALOY HUB</i> Lugar kung saan mabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maisagawang kanilang <i>Online Learning synchronous class</i>	Donasyon sa mga alumni, magulang o mga taong bahagi ng komunidad
5. Kakulangan sa pang-unawa sa pagsagot ng mga gawain sa klase.	Nabibigyan ng solusyon ang suliranin sa pagsagot ng mga mag-aaral sa kanilang gawain sa klase.	SAGIP KARUNUNGAN REMEDIA TION PROGRAM Tutukuyin ng mga guro sa Filipino ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagsagot sa mga gawain sa klase, pagkatapos ay tatawagin ang kanilang mga magulang upang tanungin patungkol sa mga suliraning kinahaharap ng mga mag-aaral. Magkakaroon ng pagplaplano sa gagawing remedial class dalawang beses sa isang lingo matapos ang kanilang klase.	Disyembre 2022-Enero 2023	Guro Mag-aaral Administrador ng paaralan Magulang	SAGIP KARUNUNGAN REMEDIA TION PROGRAM	Donasyon sa mga alumni, magulang o mga taong bahagi ng komunidad

4. Kongklusyon at Rekomendasyon

Sa masusing pagtuklas ng mananaliksik sa mga naging resulta ng pag-aaral, ang mga hamong taglay ng *Online Learning* sa Bagong Normal na pag-aaral ng mga mag-aaral ay may malaking epekto sa kanilang akademikong performans, nagkaroon sila ng mga suliraning teknikal, personal, mental at maging pinansyal sa makabagong pamamaraan ng pag-aaral na ito dahilan upang magkaroon sila ng ng mga hamon sa nasabing sistema ng pagkatuto. Bagamat dalawang taon na ang nakalilipas buhat ng ito ay magkaroon ng implementasyon, hindi lahat ng mag-aaral ay nakaranas ng ganitong pamamaraan dahil sila ay nanggaling din sa iba't ibang paaaralan sa elementarya noon. Malaking suliranin din sa mga mag-aaral ang ganitong uri ng pag-aaral dahil sa sila ay nasa panahong transisyonal, buhat sa elementarya na mas maraming taon ang kanilang ginugol sa paraang face to face, hindi naging madali para sa kanila ang hamon na gumamit ng teknolohiya lalo na sa kanilang pagkatuto.

Bagamat ang mga mag-aaral ay nakaranas ng ganitong iba't ibang suliranin, napagtanto nila na ang tanging solusyon sa mga hamong kanilang nararanasan ay ang layuning makapagtapos sa gitna ng pagbabagong ito. Ang sagot sa kanilang pagsubok sa bagong sistema ng edukasyon ay ang pagkaroon ng disipilina at

determinasyong makapagtapos sa pag-aaral sa kabila ng mga hamon. Ang konsentrasyon at pagpopokus sa mga bagay ang susi upang mapagtagumpayan nila ang anumang hamon ng bagong sistema ng pag-aaral. Nasuri sa pag-aaral na ito na bagamat nagkaroon ng mga hamon ang pamamaraang *online*, sa konsepto nito sa *online* na pamamaraan, lumabas sa pag-aaral na hindi lamang ang ang gabay at tulong ng guro ang kailangan ng mga mag-aaral kung hindi mas higit nilang kailangang paunlarin ang kanilang sariling pag-iisip, mapanuring pagpapakahulugan at pagpapahalaga sa kanilang pag-aaral at gayundin sa wastong disiplina sa kanilang sarili bilang isang mag-aaral.

Ang Interbensyon, higit sa kinakailangang ito ay naaangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral, ang suporta ng bawat isa ay mahalaga dahil matibay itong pundasyon ng mga kabataan upang magpatuloy sa pangarap na makatapos ng kanilang pag-aaral. Hindi lamang ito maisasagawa ng Kagawaran ng Edukasyon o ng mga guro ng paaralan, kundi na rin ng iba't ibang kabahagi ng ikatatagumpay ng dekalidad na edukasyon para sa bawat kabataang Pilipino. Batay sa mga nabuong lagom at kongklusyon nahinuha ng pananaliksik na ito, inirekomenda nito ang mga sumusunod:

Sa mga mag-aaral, ang pag-aaral na ito ay lubos na makatutulong sa kanila upang matugunan ang kanilang mga kanilang mga naging suliranin sa implementasyon ng *Online Learning*. Ang mga interbensyong inilahad ng mananaliksik ay maaari nilang suriin at iangkop sa mga problemang kanilang naranasan. Inaasahan ang kanilang lubos na kooperasyon at pakikinig sa mga estratehiyang ipapatupad ng guro kaalinsabay ang interbensyong ipatutupad sa kanilang pagkatuto. Mainam din na bukas ang kanilang isip sa mga hamong maaari pa rin nilang kaharapin sa bagong normal na pag-aaral. Lubos din silang binibigyan ng motibasyon ng pag-aaral na ito na ipahayag ang mga hamong kanilang kinahaharap upang ito ay mabigyan ng agarang angkop na interbensyon para sa kanilang pagkatuto.

Sa lokal na pamahalaan, pag-igtingin ang patuloy na pagsuporta sa pangangailangan ng mga mag-aaral lalo na ang mga mag-aaral na nasa mababang estado ng pamumuhay. Nararapat na bigyan sila ng angkop na suporta lalo na ang suportang pinasyal upang masolusyunan ang kanilang mga pangangailangan lalo na sa Bagong Normal na pamamaraan ng pag-aaral. Ang patuloy na pagpapahiram ng tablet o gadget sa mga mag-aaral na may kasamang libreng load ay napakalaking bagay sa kanilang pag-aaral sa bagong sistemang kanilang kinahaharap. Ang suportang pagbibigay ng mga kagamitan sa kanilang pag-aaral ay malaki ang maitutulong sa pagkakaroon ng kalidad na edukasyon para sa mga kabataan. Ang pagbibigay ng pansin sa pangangailangan ng mga mag-aaral ay susi upang lubos silang magkaroon ng motibasyon sa kanilang pag-aaral.

Sa mga guro at administrasyon ng paaralan, sa bawat hamong kinahaharap ng mga mag-aaral sa Bagong Normal na Edukasyon, iba't ibang mabisang interbensyon ang kanilang maaaring matuklasan at magamit lalo na sa mga mag-aaral. Kinakailangang maging bukas ang kanilang pag-iisip sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral lalo't higit sila ang pundasyon ng karunungan at kasanayang huhubugin sa kanilang mga mag-aaral. Sa pagbabago ng panahon, higit na kinakailangan ng sapat na oras ng mga mag-aaral upang makakuha ng feedback sa kanilang mga guro upang lubusan nilang maunawaan ang kanilang pinag-aaralan. Kinakailangang maglaan ang mga guro ng oras para sa kanilang mga mag-aaral na karaniwang umaasa na mabigyan ng feedback sa kanilang pag-aara lalo na sa kanilang pag-aaral online ay kailangang ayusin (Graham, Allen, at Ure 2003).

Sa mga gurong hindi pa handang humarap sa pagbabago lalo na sa larangan ng pag-aaral gamit ang makabagong teknolohiya binanggit ni Sait et al. (2003) sa kaniyang pag-aaral na ang mga guro ay may limitadong kasanayan sa paggamit ng *Internet* ay nag-aalangan sa paggamit ng anumang teknolohiya sa kanilang pagtuturo. Upang matugunan ang isyung ito, malawak na mga tutorial, suporta mula sa pamahalaang lokal at nasyonal. Ang kanilang kumpiyansa sa sarili sa paggamit ng bagong teknolohiya ay isang mahalagang salik na nakakaimpluwensya sa paghahatid ng wastong kasanayan at kaalaman sa mga mag-aaral. Ang obserbasyon sa pangangailangan ng mga mag-aaral at ang mga bagong hamon at estratehiyang angkop sa kanilang henerasyon ay masusing dapat pag-aaralan ng bawat paaralan upang lalo't higit magkaroon ng interes ang mga mag-aaral upang matuto ng mga bagaong kaalaman. Ang mga tradisyonal na pamamaraan amakatutulong pa rin sa

pag-aaral subalit ang hinihinging pagbabago sa pamamaraan ng pagtuturo sa paghubog ng mga *21st century learners* ay kailangang pagtuunan ng pansin upang ang mga bagong hamon sa edukasyon ay masolusyunan. Ang pagkakaroon ng karagdagang kaalaman sa teknolohiya ay isang mabisang pamamaraan upang higit na matulungan ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Ang pagtutok sa pangangailangan ng mga mag-aaral lalo na sa mga kasanayang dapat nilang matutuhan ay magiging mabisa kung sasabayan ito ng pamamaraang nasa lebel ng kanilang kaalaman. Ang interbensyong isinagawa ng mananaliksik ay maaaring maging gabay sa implementasyon ng Online Learning sa kanilang paaralan.

Sa Kagawaran ng Edukasyon, bilang pangunahing sektor na lalo't higit na may kapangyarihan sa edukasyon ng bawat mag-aaral na Pilipino, ang kanilang atensyon at pakikinig sa mga hinaing ng mga guro at mag-aaral; pagbibigay ng angkop at mabisang solusyon sa mga ito ay isang magandang hakbang sa matagumpay na implementasyon ng *Online Learning*. Ang mga guro bilang pangunahing tagahubog ng kasanayan at karunungan sa paaralan ang lalo't higit na nakakaalam ano ang mga hamon gayundin ang solusyon sa mga kinahaharap ng mga mag-aaral sa bagong normal na pag-aaral. Kinakailangang may maayos na plano at masusing pinag-usapan ng mga administrador ng sektor na ito sa implementasyon ng Online Learning sa ating bansa lalo na sa mga pampublikong paaralan, Higit silang matutulungan din kung alam ng mga nasa kagawaran ang pangangailangan nila sa tulong na rin ng kanilang mga magulang at mga guro ng paaralan. Bukod dito, mainam na sa pagsabay nang pagbabago ng pamamaraan ng pagtuturo sa gitna ng pandemya, ang kritikal na pag-aaral sa kurikulum na naaangkop sa uri ng mag-aaral ay mabisang pagtuunan ng pansin.

5. Mga Sanggunian

- Akcayir, G., & Akcayir, M. (2018). The flipped classroom: A review of its advantages and challenges. *Computers & Education*, 126, 334–345. <https://doi.org/10.1016/j.compedu.2018.07.021>
- Alamettälä T., Sormunen E. & Hossain, M. A. (2019). How does information literacy instruction in secondary education affect students' self-efficacy beliefs and attitudes? In S. Kurbanoglu, S. Špiranec, Y. Ünal, J. Alamettälä, T. & Sormunen, E. (2020). The effect of a teaching intervention on students' online research skills in lower secondary education. *Information Research*, 23(2), paper 861.
- AlJarrah, A., Thomas, M. K., & Shehab, M. (2018). Investigating temporal access in a flipped classroom: Procrastination persists. *International Journal of Educational Technology in Higher Education*, 15(1), 1. <https://doi.org/10.1186/s41239-017-0083-9>
- Barrot, J. S., Del Rosario, L. S., & Llenares, I. I., (2021). Students' online learning challenges during the pandemic and how they cope with them: The case of the Philippines, *Education and Information Technologies*. <https://doi.org/10.1007/s10639-021-10589-x>
- Bayyat, M., et al. (2021). Online component challenges of A blended learning experience: A comprehensive approach. *Turkish Online Journal of Distance Education*, 22(4), 16.
- Broadbent, J. (2017). Comparing online and blended learner's self-regulated learning strategies and academic performance. *The Internet and Higher Education*, 33, 24–32. <https://doi.org/10.1016/j.iheduc.2017.01.004>
- Cianciolo, T. A., & Regehr, G. (2019). Learning Theory and Educational Intervention: Producing Meaningful Evidence of Impact Through Layered Analysis, *The Association of American Medical Colleges*. <https://doi.org/10.1097/ACM.0000000000002591>
- Department of Education (2001). *Education White Paper, 6. Bulding an Inclusive Education and Training Systems*. Pretoria: Government Printers.
- Dziuban, C., Graham, C.R., Moskal, P. D., et al. (2018) Blended learning: the new normal and emerging technologies. *Int J Educ Technol High Educ*, 15, 3. <https://doi.org/10.1186/s41239-017-0087-5>
- Fajoku, S.A., Oyaziwo, Aluede & Ojugo, A.I (2016). Parental Involvement as correlates of academic achievement of primary school pupils in Edo State. *Nigeria. Research in Education*, 95(1), 33-43.
- Franchi, T. (2020). The impact of the Covid-19 pandemic on current anatomy education and Future careers: A student's perspective. *Anatomical Sciences Education*, 13(3), 312–315.

- Garcia, R.A., & L. Al-Safadi (2014), Intervention Strategies for the Improvement of Students' Academic Performance in Data Structure Course Education. *International Journal of Information and Education Technology*. <https://doi.org/10.7763/IJJET.2014.V4.435>
- Lightner, C.A., & Lightner-Laws, C. A. (2016) A blended model: simultaneously teaching a quantitative course traditionally, online, and remotely. *Interactive Learning Environments*, 24(1), 224-238. <https://doi.org/10.1080/10494820.2013.841262>
- Rasheed, R. A., Kamsin, A., & Abdullah, N. A. (2020). Challenges in the online component of blended learning: A systematic review. *Computers & Education*, 144, 103701. <https://doi.org/10.1016/j.compedu.2019.103701>
- Ulum, H. (2021). The effects of online education on academic success: A meta-analysis study, *Education and Information Technologies*. <https://doi.org/10.1007/s10639-021-10740-8>

